
NATIONAL CENTER ON ELDER ABUSE
(PAMBANSANG TANGGAPAN SA PANG-AABUSO SA MATATANDA)

# Mga Katotohanan Tungkol sa Pang-aabuso sa Matatanda

Ang pang-aabuso sa matatanda ay ang pagdudulot ng pinsala sa isang nakakatanda. Maaaring maging kabilang dito ang pagpapabaya, pisikal, emosyonal, pinansyal at sekswal na pang-aabuso.



**Narito ang ilang katotohanan sa pang-aabuso sa matatanda na dapat malaman ng lahat.**

> Tinatayang 1 sa 10 Amerikanong nasa edad na 60+ taon ang nakaranas ng pang-aabuso.[1]

> Kapag walang maayos na pangangalagang pangkalusugan at mga mapagkukunan ng impormasyon at suporta ng publiko, higit na nanganganib ang ating populasyon sa pang-aabuso sa ating pagtanda.[2]

> Ang epekto ng pang-aabuso sa matatanda ay nararamdaman ng mga tao anuman ang edad.

> Ang pangaabuso ay nakakabawas sa pakikibahagi ng matatanda sa pamumuhay sa ating mga komunidad.

> Ang pangaabuso sa matatanda ay nagdudulot ng mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan at legal na madalas na pinapasan ng mga pampublikong programa gaya ng Medicare at Medicaid.[3]

## *Nasa sa **ating lahat** ang pag-iwas at pagtugon sa pang-aabuso sa matatanda!*

Ang pagpapahalaga ng ating bansa sa katarungan para sa lahat ay nag-aatas sa atin na bumuo ng mga matatag na suportang tutulong sa mga tao anuman ang edad. Ang pagwawakas sa pag-iisa at pagkakahiwalay sa mga tao, paglikha at pagpapabuti ng transportasyon at pagpapatupad ng batas, senior center at mga serbisyong panlipunan ay makakatulong sa pagpapahinto ng pang-aabuso.

# Bumisita **ncea.acl.gov** upang madagdagan ang kaalaman.

[1] Acierno R, Hernandez MA, Amstadter AB, Resnick HS, Steve K, Muzzy W, et al. (2010). Prevalence and correlates of emotional, physical, sexual, and financial abuse and potential neglect in the United States: The national elder mistreatment study [Pagkalaganap at kaugnayan ng emosyonal, pisikal, sekswal, at pinansyal na pang-aabuso at potensyal na pagpapabaya sa Estados Unidos: Ang pambansang pag-aaral sa pagmamaltrato sa matatanda] American Journal of Public Health, 100(2), 292-297.

[2] Lachs, M.S., & Pillemer, K.A. (2015) Elder abuse. New England Journal of Medicine, 373(20), 1947-1956. http://doi.org/10.1056/NEJMra1404688

[3] National Committee for the Prevention of Elder Abuse, Virginia Tech, Metlife Mature Market Institute (2011). The metlife study of elder financial abuse: Crimes of occasion, desperation and predation against America's elders. [Pag-aaral ng MetLife sa pinansyal na pang-aabuso sa matatanda: Mga krimen ng okasyon, desperasyon at pambibiktima laban sa matatanda sa Amerika.] Westport, CT: May akda."

NCEA
National Center on Elder Abuse

Kinumpleto ang materyal na ito para sa National Center on Elder Abuse na matatagpuan sa Keck School of Medicine sa University of Southern California at sinusuportahan ang bahagi nito ng isang gawad (Blg. 90ABRC000101-02) mula sa Administration for Community Living (Pangasiwaan para sa Pamumuhay sa Komunidad), U.S. Department of Health and Human Services (DHHS, Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos). Ang mga ginagawarang nagsasagawa ng mga proyekto sa ilalim ng pag-sponsor ng gobyerno ay hinihikayat na malayang ipahayag ang kanilang mga natuklasan at konklusyon. Samakatuwid, ang mga pananaw at opinyon ay hindi sadyang kumakatawan sa opisyal na patakaran ng ACL o DHHS. HULING REBISYON NG DOKUMENTO: DISYEMBRE 2017

Keck School of Medicine of USC